PAUNAWA SA MGA MAGULANG

Kung nais ninyong makuha ang impormasyon na ito sa

- Malalaking titik
- Braille
- Audio Tape
- Sariling Wika sa bahay

mangyaring makipag-ugnayan kay Fraser Mitchell sa (01224) 664630
o sa *fraser.mitchell@aberdeenshire.gov.uk*

Ang mga tala na ito ay sinadya upang mabigyan ang mga magulang ng pangunahing impormasyon ukol sa sistema ng edukasyon sa Aberdeenshire at para din matalakay nang husto ang mga tiyak na larangan ng pagbabatas ng gobyerno na maaaring may kaugnayan sa karanasan ng bata sa paaralan. Kung sakaling mayroon kang anumang mga katanungan, maging patungkol man sa mga tala na napapaloob sa libretong ito o sa anumang punto sa hinaharap, ay dapat kang makipag-ugnayan sa naaangkop na Tanggapan ng Edukasyon & Paglilibang (Education & Recreation Office). Ang impormasyon na nakapaloob sa libreto na ito ay pinaniniwalaang wasto sa pagsapit ng Disyembre 31, 2004, ngunit maaaring maganap ang mga pagbabago sa anumang panahon – bilang halimbawa, ang halaga ng isang pagkain sa paaralan ay maaaring tumaas. Taglay din ng Awtoridad ang karapatan upang magsagawa ng anumang mga pagbabago na maaaring maghantong mula sa mga pagpapasya ng alinman sa pambansa o lokal na gobyerno.

Ang mga establisimento ay nakalista sa bandang likod ng libreto na ito.

Ang lahat ng mga paaralan ay co-educational o may mga mag-aaral sa parehong kasarian.

PANIMULA

Ang Konseho ng Aberdeenshire ay may-sagutin sa mga sumusunod na larangan ng mga serbisyong pang-edukasyon:

pre-school	suporta para sa mga natututo (pati ang sikolohiya na pang-edukasyon)
pang-una (primary)	komunidad
sekundarya	

Ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire (Aberdeenshire Education & Recreation) ay may higit sa dalawang daan na mga solong establisimento, kabilang ang:

2	solong mga yunit sa nursery
84	na mga kalse/yunit sa nursery
155	na mga pang-una (primary) na paaralan
17	na mga sekundaryang paaralan
35	na mga sentro sa kumonidad
44	na mga yunit para sa mga espesyal na pangangailangan
4	na mga espesyal na paaralan

Ang mga establisimento na ito ay nagsisilbi sa higit sa:

2600 na mga bata sa nursery	15900 na mga mag-aaral sa sekundarya
20000 na mga mag-aaral sa pang-una (primary)	330 na mga mag-aaral na may nga espesyal na pangangailangan

Ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire (Aberdeenshire Education & Recreation) ay may limang mga Tanggapan na Pang-edukasyon upang masaklaw ang larangan ng Awtoridad. Ang mga ito ay ang:

Tanggapang Pang-edukasyon
ng Lugar ng Banff at Buchan
St Leonards
Sandyhill Road
Banff
AB45 1BH
Tel: 01261 813340
Fax: 01261 813396

Tanggapang Pang-edukasyon
ng Lugar ng Buchan
Old Infant Building
Prince Street
Peterhead
AB42 1PL
Tel: 01779 473269
Fax: 01779 470390

Tanggapang Pang-edukasyon
ng Lugar ng Formartine
Towie House
Manse Road
Turriff
AB53 4AY
Tel: 01888 562427
Fax: 01888 568559

Tanggapang Pang-edukasyon
& Paglilibang ng Lugar ng Garioch
Gordon House
Blackhall Road
Inverurie AB51 3WA
Tel: 01467 620981
Fax: 01467 622254

Tanggapang Pang-edukasyon ng Lugar ng
Marr, Kincardine at Mearns
Queens Road
Stonehaven
AB39 2QQ
Tel: 01569 766960
Fax: 01569 768489

Ang mga establisimento ay nakalista ayon sa unang titik at ang bawat nakalista ay may kasamang mga sumusunod na impormasyon:

1. Uri ng establisimento

N	Paaralang pang-nursery	N/P	Paaralang nursery/pang-una
6YRS	Paaralang sekundarya hanggang ika-6 taon	SP	Paaralang espesyal
P	Paaralang pang-una	CC	Sentro ng Komunidad

2. Ang buong pangalan at pahatirang-sulat ng establisimento.
3. Mga kodigong pang-opisina

I	Inverurie	Ba	Banff	S	Stonehaven
T	Turriff	P	Peterhead		

4. Mga area code

B	Buchan	G	Garioch
BB	Banff & Buchan	M	Marr
F	Formartine	KM	Kincardine & Mearns

5. Ang Hanay ng mga Paaralan ng Komunidad o Community Schools Network (CSN) kung saan kabilang ang establisimento.

6. Ang mga paaralang pang-sekundarya ay nakalista nang may makakapal na titik kasama

ang mga kaukulang mga kaugnay na paaralang pang-una na nakalagay sa loob ng mga panaklong. Ang isang nakalista para sa isang paaralang pang-una ay nagpapahiwatig, gamit ang mga panaklong, ng (mga) kaugnay nitong paaralang sekundarya kung saan ito natutustusan.

7. Ang pangalan ng Pinuno ng Establisimento.

8. Ang pahatirang-sulat, telepono at numero ng fax (kung saan naaangkop) ng bawat establisimento ay ibinibigay.

Kung kaya't:

P	18 Auchterless School Auchterless Turriff Aberdeenshire AB53 8BA (205)	T	F	Turriff	Gail Burnett	01888 511221	01888 511580

Ang Authterless School ay isang paaralang pang-una na kaugnay sa Turriff Academy (205). Ang Kodigo ng Tanggapan, Area code, Community Schools Network (CSN), Pinuno ng Establisimento, numero ng telepono at numero ng fax ay ipinapakita.

6YRS	209 Westhill Academy Hays Way Westhill Aberdeenshire AB32 6XZ (55, 73, 184, 212)	I	G	Westhill	Derek Thompson	01224 740111	01224 743163

Ang Westhill Academy ay isang paaralang sekundaryang pang-6 na taon, at ang mga kaugnay na pang-unang paaralan nito ay ang Crombie School (55), Elrick School (73), Skene School (184) at Westhill Primary School (212). Ipinapakita din ng paglilista ang Kodigo ng Tanggapan, Area Code, Community Schools Network (CSN), Pinuno ng Establisimento, numero ng telepono at numero ng fax.

MGA NILALAMAN

1. PAGPIPILI NG ISANG PAARALAN - Pahina 6

- Aling paaralan
- Impormasyon ukol sa isang tanging paaralan
- Pag-enrol
- Paano mag-enrol
- Pakikipag-ugnayan sa pagitan ng kabahayan at paaralan
- Pagpunta sa mga gusali ng paaralan

2. PAGHIHILING - Pahina 8

- Pagdalo sa isang paaralan sa labas ng iyong lokal na purok ng paaralan
- Pagsasagawa ng application
- Pagpapasya sa application
- Mga natanggap na application
- Mga tinanggihan na application
- Ang Karapatang Mag-apila
- Paano Mag-apila
- Mga Paaralang may Labis na Dami ng Pumapasok
- Sasakyang Pa-eskwela sa paaralang labas sa iyong lokal na purok ng paaralan

3. SASAKYANG PA-ESKWELA - Pahina 12

- Libreng Sasakyang Pa-Eskwela
- Mga Tiket sa Panahon

4. SUPORTA SA MGA NATUTUTO - Pahina 12

- Indibidwal na Pagtuturo
- Mga Serbisyong Pang-Sikolohiya
- Mga Pangangailangan sa Espesyal na Edukasyon
- Ang Ingles bilang karagdagang wika
- Serbisyo para sa May-Kapansanan sa Pandama

5. PAG-UUGALI - Pahina 14

- Mga Pagwawaksi
- Mga Kahalili sa Pagwawaksi
- Pang-aalipusta

6. MGA PETSA NG PASUKAN PARA SA ENERO 2005 HANGGANG ENERO 2006 - Pahina 15

7. EDUKASYON PARA SA PRE-SCHOOL - Pahina 16

8. MGA PAGKAIN SA PAARALAN - Pahina 16

- Pagdudulot ng mga pagkain sa paaralan
- “Gutom sa Tagumpay”
- Mga libreng pagkain sa paaralan
-

9. KALUSUGAN - Pahina 17

- Mga pagliban
- Paggamot ng bata

10. PAGSUSURI NG PAGBUBUNYAG SA SCOTLAND - Pahina 18
11. TAYA NG PANAHON - Pahina 18

12. MGA USAPING PANG-PINANSYA - Pahina 19

- Mga gawad sa pananamit
- Pasiguruhan (Insurance)
- Mga paaralang may panunuluyan (Boarding Schools)
- EMA

13. ALAK AT DROGA - Pahina 21

14. MGA LUPON NG PAARALAN - Pahina 21

15. PAGLILITRATO AT PAG-VIDEO NG MGA MAG-AARAL - Pahina 21

1. PAGPIPILI NG PAARALAN

♦ Aling Paaralan?

Ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ay may patakaran sa zoning para sa lahat ng mga paaralan na sakop ng lugar nito. Ang lahat ng mga paaralan ay naninilbihan sa isang lokal na purok na napagkasunduan ng Kumite sa Edukasyon & Paglilibang. Ang mga purok na ito ay kinikilala bilang mga nalinyahang lugar sa pagbabatas. Ang impormasyon ukol sa mga tanging purok ng paaralan ay makukuha sa bawat paaralan o sa Tanggapan ng Edukasyon. Ang mga Magulang ay may karapatang humiling na mai-enrol ang kani-kanilang mga anak sa isang paaralan na kaiba sa isang paaralan na lokal na naka-purok. Ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ay may tungkulin na pumayag sa mga ganoong paghiling, hangga't maaari.

Ang pangunahing dahilan sa pagkakaroon ng mga ganoong purok ay upang matukoy ang karapatan na makapagdulot ng sasakyan at para sa pagtukoy ng mga pahahalagahan, kung kinakailangan.

♦ Impormasyon ukol sa isang tanging paaralan

Ang bawat paaralan ay nagpapalabas ng isang pambuod o prospectus na naglalaman ng impormasyon ukol sa paaralan na siyang pinasasariwa taon-taon. Ito ay maaaring makuha, kapag hiniling, mula sa Punong Guro. Hihikayatin ka ding bisitahin ang paaralan kasama ang iyong anak.

Itinatakda ng mga regulasyon na maisali ng lahat ng mga paaralan (maliban ang mga nursery) ang mga sumusunod na impormasyon sa kani-kanilang mga pambuod o prospectus na siyang magagamit mula sa ika-15 ng Disyembre sa bawat taon:

i Mga Resulta ng Pagsusulit at Sertipikasyon (kabilang ang mga halaga ng pananatili o "staying-on rates" hanggang S5) – para lamang sa mga paaralang sekundarya;

ii 5-14 Antas ng Pagkamit;

iii Mga Pupuntahan ng Pang-liban sa Paaralan (School Leaver) - – para lamang sa mga paaralang sekundarya;

iv Mga Naka-laan na Tumatakbong Gastusin;

v Mga Halaga sa Pagdalo at mga Halaga ng Di-awtorisado at Awtorisadong Pagliban;

vi Patakaran ukol sa mga Espesyal na Pangangailangang Pang-edukasyon;

vii Patakaran ukol sa Pag-usbong ng mga Kaugaliang Isipiritwal, Moralidad, Pang-lipunan at Pang-Kultura.

Ang patakaran ng Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ay ang makapagdulot ng maganda, matatag at modernong edukasyon, na nakatuon hangga't maaari sa mga pangangailangan ng mga indibidwal na bata at isinasaklaw ang mga pamamaraan na nabuo mula sa paggabay na ibinigay ng mga pambansang ahensya sa larangan. Kasabay nito, ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ay nakabuo ng sarili nitong mga lapit batay sa isang pagbibigay-halaga ng pananaliksik sa edukasyon at sa mga mismong pangangailangan ng Aberdeenshire. Ang mga Punong Guro ay may tungkulin na mabigyang-kamalayan ang mga magulang ukol sa mga modernong kaganapang ito, sanhi mismo sa kadahilanan na marami sa mga lapit ay nagbago mula sa panahon na marami sa mga magulang ay mismong nasa paaralan. Maaaring matustusan ito ng mga tala na ito nang panandalian, ngunit hinihikayat ang mga Punong Guro na makabuo ng mga mas hindi pormal na pamamaraan ng pakikipag-ugnayan sa mga magulang hangga't maaari.

♦ Pag-enrol

Ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ay may pare-parehong petsa ng pag-umpisa para sa lahat ng mga paaralan nito sa gitna ng Agosto sa anumang particular na taon. Ipagbibigay-alam sa iyo petsa ng pag-uumpisa ng taon na ito sa panahon na ikaw ay mag-enrol sa paaralan.

Ang lahat ng mga anak na magiging limang taong gulang, kabilang ang at kasama ang huling araw ng Pebrero, ay tinatanggap nang pangkat-pangkat sa susunod na Agosto. Ang lahat ng mga bata na magiging limang taon sa pagsapit ng o bago sumapit ang Martes, ika-16 ng Agosto, 2005, ay kailangang magsimulang dumalo sa paaralang pang-una (primary school) sa Agosto 2005. Ang mga bata na mararating ang edad na lima matapos ang ika-16 ng Agosto ngunit bago sumapit ang ika-28 ng Pebrero, 206 ay maaari ding mai-enrol para sa paaralang pang-una (primary school) sa Agosto 2005. Subalit, ang mga magulang ng mga batang ito ay maaaring magpasya na huwag i-enrol ang mga bata hangga't sumapit ang Agosto 2006. Walang isinasagawang pagtatakda ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire upang tanggapin ang sinumang bata na may limang taong gulang matapos ang petsa ng pagsasara sa Pebrero, maliban kung ang batang iyon ay dati nang nai-enrol at nakapag-umpisa na ng ganap na pagpasok sa paaralan (hindi kabilang ang induction o pagtanghal) sa isang klaseng pang-paslit (infant class) sa isang paaralang suportado ng estado o ng puwersa (state supported or forces school) at lumilipat papuntang Aberdeenshire. Sa ganitong sitwasyon, nasa Opisyal ng Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ang pagpapasya. Hindi kasali ang pag-enrol sa isang nursery o pangkat ng paglalaro para sa mga layunin ng pagwawaksi na ito.

♦ Paano mag-enrol

Sa pangkalahatan, kung sakaling gustuhin ng isang magulang na mai-enrol ang kanyang anak sa isang tanging paaralan, maaaring lapitan ang Punong Guro ng paaralan iyon.

♦ Pakikipag-ugnayan sa pagitan ng kabahayan at paaralan

Ang mga paaralan ay nagdudulot ng iba't-ibang mga nakasulat na impormasyon para sa mga magulang: mga liham, ulat, dokumento, balitaan, tala…kung kailangan mong makakuha ng ganitong impormasyon sa naiibang anyo, maisasagawa mo ang paghiling na ito kapag ini-enrol mo ang iyong anak sa paaralan. Magkakaroon ka ng pagkakataon na mapasariwa ang impormasyon na ito sa bawat taon.

Maaari mo ding hilingin ang paaralan na maglaan ng isang tagasalin-bigkas sa tuwing bibisitahin mo ang paaralan, o hilingin ang Language Line (isang serbisyo para sa pagsasalin-bigkas sa telepono) para sa mga maiikling pagpupulong. Mangyaring pakibigyan ang paaralan ng maluwag na pag-abiso hangga't maaari upang makapagsagawa sila ng mga naaangkop na paghahanda.

♦ Pagpunta sa mga gusali ng paaralan

Ang Konseho ng Aberdeenshire ay kasalukuyang nagpapa-ibayo ng paraan ng pagpunta sa mga paaralan niot. Subalit, mayroong mga ilang gusali na nananatiling hindi mapupuntahan ng mga gumagamit ng wheelchair o ng mga may limitadong paggalaw. Sa mga ganitong sitwasyon, maaaring makapagsagawa ang mga tauhan ng mga kahaliling pagsasaayos upang mabigyang-daan ang pagpunta.

Tulad ng sa pakikipag-ugnayan, magkakaroon ka ng pagkakataon na maitala ang anumang mga pangangailangan sa pagpunta kapag iyong ini-enrol ang iyong anak sa paaralan at kapag pinasariwa mo ang impormasyon sa bawat taon. Subalit, upang masigurado na matutustusan ang iyong mga pangangailangan, mangyaring ipagbigay-alam sa paaralan ang iyong mga pangangailangan bago ka bumisita.

2. PAGHIHILING

♦ Pagdalo sa isang paaralan sa labas ng iyong lokal na purok ng paaralan

Ang bawat magulang ay may karapatan, nang hindi kinakailangang magbigay ng mga kadahilanan, na magsagawa ng paghiling sa Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire na mai-enrol ang kanyang anak sa paaralan na kanyang ginugusto. Ang karapatan na ito ay maaaring magamit anumang oras at hindi lamang sa panahon ng pagtanggap ng paslit sa paaralan o paglipat mula sa isang paaralan papunta sa isa pa.

Nakapagpasya ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire na ang pinaka-simpleng paraan upang makaharap ang ganoong mga paghiling ay ang lumapit ang mga magulang, sa kauna-unahang pagkakataon, sa Punong Guro ng paaralan kung saan nais nilang mapag-aral ang kanilang anak.

Ang lahat ng mga paghiling na matanggap sa mga paaralan na bukod sa naka-purok na paaralan ay kailangang maisagawa sa dokumento ng application na makukuha sa mga paaralan. Sa karamihan ng mga sitwasyon, kailangang maipahiwatig agad ng Punong Guro kung tatanggapin ang bata. Sa ilang mga sitwsasyon lamang, hindi makapagbibigay ang Punong Guro ng agarang pagpapasya at ipapasa niya ang nakumpletong dokumento ng application sa naaangkop na Mataas na Opisyal ng Edukasyon & Paglilibang na siyang kakaharap sa bawat kaso at direktang makikipag-ugnayan sa mga magulang.

♦ Pagsasagawa ng application

Ang mga application para sa pagpasok sa isang paaralan sa Agosto ng anumang isang taon na siyang natanggap hanggang sa ika-15 ng Marso ng taon na iyon ang siyang uunahing bibigyang-turing. Ang lahat ng mga paghiling sa paglalagak na isasagawa sa pagsapit ng o makalipas ang ika-16 ng Marso para matanggap sa Agosto ng taon na iyon ay bibigyang-turing at pagpapasyahan matapos na mapagpasyahan at maipagbigay-alam ang tungkol sa mga paghiling na isinagawa sa pagsapit ng o bago sumapit ang ika-15 ng Marso.

♦ Pagpapasya sa application

Ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ay pinag-uutusan ng batas na ipagbigay-alam sa magulang ayon sa sulat ang pagpapasya nito na magsagawa ng paghiling, at kapag tinanggihan ang paghiling, ay kailangang makapagbigay ng mga nakasulat na kadahilanan para sa pagpapasya nito at bigyang-kaalaman ang magulang ng karapatan niyang maisangguni ang usapin sa isang Kumite Sa Pag-apila.

♦ Mga natanggap na application

Sa mga sitwasyon kung saan ang application ay para sa pagpasok sa Agosto ng alinmang isang taon, ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ay kailangang tumugon sa pagsapit ng o bago sumapit ang ika-30 ng Abril ng taon ng pagpasok.

Sa mga sitwasyon kung saan ang petsa ng pagtanggap na hinihiling ay kaiba sa Agosto, at kung saan sangkot ang Mataas na Opisyal sa Edukasyon & Paglilibang, ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ay kailangang tumugon sa loob ng dalawang buwan bago sumapit ang petsa ng paghiling.

Sa bawat siwasyon, kung sakaling hindi nakatanggap ang magulang ng isang pagpapasya sa loob ng hanay ng panahon sa itaas, maaari niyang ipagpalagay na tinanggihan ng Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ang kahilingan.

♦ Mga Tinanggihan na application

Maaaring tanggihan ng Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ang isang paghiling sa paglalagak kung ang paglalagak ng isang bata sa isang hiniling na paaralan ay:

i magpapapilit sa Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire na kumuha ng isang karagdagang guro bilang tauhan sa kasalukuyan o di kaya'y sa hinaharap;

ii magdudulot ng makabuluhang paggastos sa pagpapalawak, o di kaya'y sa pagbabago, ng panunuluyan sa, o ng mga pasilidad na idinudulot kaugnay sa, paaralan;

iii kung mangangahulugan na malalampasan ang pinakamataas na makakayanang kapasidad ng paaralan;

iv malamang na lubhang makakasama sa kaayusan at disiplina sa paaralan;

v malamang na lubhang makakasama sa kapakanan sa edukasyon ng mga mag-aaral doon.

Maaari ding tanggihan ng Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ang isang kahilingan sa pagpapalagak kapag:

- ang edukasyon na karaniwang idinudulot sa paaralan na iyon ay hindi naaangkop sa edad, kakayahan o kaalaman ng bata;

- itinakda na ng Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire sa bata na wakasan ang kanyang pagpasok o pagdalo sa paaralang iyon;

- ang paaralang iyon ay isang espesyal na paaralan at ang bata ay walang taglay na mga espesyal na pangangailangang pang-edukasyon na nangangailangan ng paggamit ng mga espesyal na pasilidad na karaniwang idinudulot sa paaralan.

- ang bata ay nakatira sa labas ng purok na pinagsisilbihan ng paaralan at ang pagtanggap sa kaniya ay maghahadlang sa Awtoridad ng Edukasyon (Education Authority) na mapanatili ang mga nakapareserbang lugar sa paaralan para sa mga bata na sa paglaon ay lilipat sa purok ng paaralan; ang Awtoridad ay may-karapatan lamang na mapagsilbihan ang isang makatuwirang bilang ng mga lugar upang matustusan ang pangangailangang ito.

♦ Mga karapatan Mag-apila

Ang mga magulang ay may karapatan na mag-apila laban sa mga pagpapasya na isinagawa patungkol sa pagsasampa ng mga paghiling. Ang iyong pag-apila ay kailangang maidulog sa Kumite sa Pag-apila sa loob ng 28 araw mula nang matanggap ang liham ng pagtanggi.

Kailangang tandaan na:

- hindi ka maaaring mag-apila laban sa pagtanggi sa isang lugar sa isang paaralang pang-nursery o klase na pang-nursery;
- maaari ka lamang mag-apila nang isang beses sa isang taon para sa bawat isa sa iyong mga anak;
- kailangan kang magsampa ng pag-apila nang hindi lalampas sa 28 araw matapos na matanggap mo ang liham ng pagtanggi ng Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire.

♦ Paano mag-apila

Kailangan mong sumulat ng isang liham sa pag-apila, na ibinibigay ang buong pangalan ng bata, ang paaralan kung saan nais mong pasukan nila at ang iyong mga kadahilanan sa pag-apila laban sa pagpapasya, at ipadala ito sa Director of Law and Administration, Woodhill House, Westburn Road, Aberdeen, AB16 5GB.

♦ Mga Paaralang may Labis na Dami ng Pumapasok

Kung sakaling maganap ang isang inaasahang pagkalabis sa pagtanggap sa alinmang natatanging paaralan, ang lahat ng mga "paghiling sa pagkalagak" para sa paaralan na iyon ay kikilalanin ng paaralan at panghahawakan, ngunit hindi bibigyang-turing, hanggang sa lumipas ang ika-15 ng Marso, ngunit bago sumapit ang ika-30 ng Abril, sa taon ng pagpasok.

Kapag ang kapasidad ng isang paaralan ay malamang na malalampasan, ang mga sumusunod na listahan ng mga pinapahalagahan ay ipapataw sa paggawad ng mga application upang mapunan ang bilang ng mga maaaring makuhang puwesto.

i. Paninirahan

Ang mga naninirahan sa loob ng Aberdeenshire ay mas bibigyang halaga kaysa sa mga nakatira sa labas ng lugar ng Konseho. Ang higit sa karamihan ng mga aplikanteng nasa labas ng purok ay, siyempre, mga residente ng Aberdeenshire at sa gayon ang pagiging kwalipikado sa ilalim ng kategoryang ito ay walang epekto sa paglaon sa pinal na pasya.

ii. Mga Batang Nangangailangan

Ang Awtoridad ay magbibigay-halaga sa mga bata na, alinsunod sa Children (Scotland) Act 1995 ay maituturing na "Children in Need" ("Mga Batang Nangangailangan") at kung saan may mga kadahilinan kung bakit ang mga pangangailangan ng isang bata ay mas mahusay na matutustusan sa paaralang hiniling kaysa sa paaralan na tumutustos sa lugar kung saan nakatira ang bata. Ang "Mga Batang Nangangailangan" ay isang malawak na konsepto at kabilang dito ang mga pangangailangan na nagmumula sa mga kadahilanang pang-medikal, pang-sikolohiya at pang-lipunan ngunit hindi limitado lamang sa mga kategoryang ito. Ang mga bata ay maaaring maituring na nangangailangan bilang resulta ng kapansanan ng isa pang kasambahay.

Hangga't hinihiling ang Konseho ng Aberdeenshire na bigyang-halaga ang isang bata ayon sa batayan na ito, hihingin nito ang payo ng isang Educational Psychologist, Medical Practitioner, Social Worker o iba pang ahensya alinsunod sa uri ng pangangailangan. Bibigyang-turing ng Konseho ang lahat ng ganoong mga kaso ayon sa mga taglay na indibidwal na katangian nito.

iii. Pang-edukasyon

Hangga't hindi inihahandog ng naaangkop na paaralan ang mga asignatura na nais pag-aralan ng mag-aaral.

iv. Mga lokal na kundisyon

Hangga't ang mga kundisyon sa daan, taya ng panahon o iba pang mga lokal na kundisyon ay nagdudulot ng matinding panganib sa bata.

v. Kapatid ay pumapasok sa paaralan

Hangga't ang isa pang kapamilya ay pumapasok na sa paaralang iyon.

vi. Pang-lipunan

Hangga't ang parehong mga magulang ay nagtatrabaho at inihahatid nila ang bata sa labas ng purok kung saan sila nakatira upang ang bata ay mapangalagaan ng isang responsableng tao na nasa wastong gulang kapag hindi oras ng eskwela.

vii. Iba pang mga kadahilanan

Ang iba pang mga kadahilanan ayon sa pagiging akma ayon sa pagpapasya ng naaangkop na Mataas na Opisyal ng Edukasyon & Paglilibang.

♦ Sasakyang Pa-eskwela sa paaralang labas sa iyong lokal na purok ng paaralan

Hangga't ang isang bata ay naka-enrol sa isang paaralan na nasa labas ng kanilang lokal na purok ng paaralan, ang magulang ay may ganap na sagutin para sa pagsasagawa ng mga pagsasaayos sa pagpapasakay at para sa pagtustos ng lahat ng mga sangkot na gastusin, maliban sa mga lubhang limitadong sitwasyon kung saan nakasalalay sa pagpapasya ng Mataas ng Opisyal sa Edukasyon & Paglilibang ang paggawad ng mga pang-gastos sa paglalakbay. Ang mga pang-gastos sa paglalakbay ay igagawad lamang kapag kinilala ng Mataas ng Opisyal sa Edukasyon & Paglilibang na, sa unang pagkakataon, ang dahilang ibinigay ng magulang para sa hindi pag-enrol ng bata sa naka-purok na paaralan ay patungkol sa edukasyon o pang-medikal/pang-sikolohiya at/o makatuwiran na sumang-ayon sa kahilingang iyon. Siyempre, kailangang bigyang-turing ng Mataas ng Opisyal sa Edukasyon & Paglilibang ang anumang mga isyu sa kaligtasan na idinulog sa kanya ng mga magulang kapag binibigyang-turing ang mga kahilingan para sa paglalakbay na nakabatay sa pagpapasya. Maibibigay lamang ang libreng paglalakbay sa sitwasyon na ito kung saan maaaring maisagawa ang paglalaan sa saklaw ng mga mayroon-nang pagsasaayos sa paglalakbay.

Maaaring pumayag ang Mataas ng Opisyal sa Edukasyon & Paglilibang na tustusan ang isang bahagi ng gastusin sa paglalakbay kapag ang dahilan sa pagdalo sa hindi naka-purok na paaralan ay ang pagkakaroon ng kapatid na nag-aaral na sa paaralan na iyon. Maisasagawa lamang ito kung sakaling ang mga gastusin sa paglalakbay ng naunang bata ay natutustusan na ng Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire.

3. SASAKYANG PA-ESKWELA

♦ Libreng Sasakyang Pa-eskwela

May idinudulot na libreng pagpapasakay mula pamamahay hanggang paaralan sa ilalim ng mga itinatakda ng mayroon-nang batas at ang patakaran ng Konseho ng Aberdeenshire. Sa kasalukuyan, nangangahulugan ito na ang lahat ng mga mag-aaral sa paaralang pang-una (primary) na naninirahan nang higit sa dalawang milya ang layo mula sa, at pumapasok sa, paaralan kung saan sila ay nakapurok, at ang lahat ng mga mag-aaral sa paaralang sekundarya na nakatira nang nang higit sa tatlong milya ang layo mula sa, at pumapasok sa, paaralan kung saan sila ay nakapurok, ay may karapatang makakuha ng na ito.

♦ Mga Tiket sa Panahon

Maaaring magdulot ng lbireng pagpapasakay sa maraming mga paraan, maging sa pagdudulot ng mga tiket sa panahon sa mga bus o tren o sa pamamagitan ng direktang pagdudulot ng naka-kontratang pagpapasakay ng Pampublikong Yunit ng Pagpapasakay sa ngalan ng Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire. Sa ilang mga nakabukod na sitwasyon ay maaaring magsagawa ng mga kabayaran sa mga magulang na naghahatid-sundo sa kani-kanilang sariling mga anak, ngunit, bilang pag-ulit, ito ay nakarenda sa mga lugar kung saan imposible ang mga mas normal na paraan ng pagdudulot ng pagpapasakay.

Hindi ginagarantiyahan ng Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire na makapagdudulot ito ng pagpapasakay mula sa pinto ng paaralan/kabahayan hanggang sa pinto ng kabahayan/paaralan. Sa ilang mga pagkakataon, maaaring kailanganing paglakarin ang mga bata nang hanggang sa dalawa o tatlong milya ayon sa naaangkop.

Sa ilang mga natatanging pagkakataon ng kahirapan, hal. kung saan may mga problemang pang-medikal o kung saan may lilitaw na problema sa kaligtasan, maaaring lumapit ang magulang sa naaangkop na Mataas na Opisyal sa Edukasyon & Paglilibang.

Kung sakaling mawala ang mga tiket sa panahon, nagpapataw ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ng isang multa na £2 bukod sa mga gastusin sa pangangasiwa para sa pagpapanibago.

4. SUPORTA PARA SA MGA NATUTUTO

♦ Indibidwal na Pagtuturo

Kung sakaling hindi makapasok ang isang bata sa paaralan sanhi ng isang pang-matagalang karamdaman, maaaring isaayos ng Awtoridad ang indibidwal na pagtuturo. Kailangang lapitan ng mga magulang ang Punong Guro ng paaralan na siyang pinapasukan ng bata sa unang pagkakataon.

♦ Mga Serbisyong Pang-Sikolohiya

Ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ay may mga tauhan na Educational Psychologists na siyang nagdudulot ng paninilibhan sa mga bata at kabataan mula sa pagkapanganak hanggang sa edad na 19 taong gulang. Nakikipag-tulungan sila sa mga tauhan ng paaralan, mga propesyonal mula sa iba pang mga ahensya at sa mga magulang ukol sa mga bagay-bagay na patungkol sa pagkatuto, pag-aasal at kapakanang pang-damdamin ng mga bata at ng mga kabataan. Mas lumalaki nang lumalaki ang ginagampanang papel ng mga Educational Psychologists bilang tagapag-konsulta sa loob ng mga paaralan. Kabilang dito ang pagtutulong sa mga nasa wastong gulang, tulad ng mga guro at magulang, upang makabuo ng mga paraan na makatulong sa mga bata at kabataan na nakararanas ng mga kahirapan. Sa ilang mga sitwasyon, maaaring gustuhin ng Educational Psychologist na makipagpulong sa isang bata o kabataan at maaaring hilingin ang pahintulot ng magulang bago maganap ito. Ang mga pinahahalagahan sa trabaho ng isang Psychologist sa trabaho ay tinatalakay kasama ang Punong Guro o isa pang kasapi ng koponan sa pamamahala. Ang mga magulang na may mga ikinababahala ukol sa kanilang anak ay dapat na, bilang unang hakbang, talakayin ang mga ito kasama ang (mga) guro o Punong Guro ng bata.

♦ Mga Pangangailangan sa Espesyal na Edukasyon

Ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ay naghahandog ng isang hanay ng mga serbisyo para sa mga bata na may mga pangangailangan para sa espesyal na edukasyon. Ang mga serbisyong ito ay dinisenyo upang masigurado na ang sinumang bata na may pangangailangan para sa espesyal na edukasyon, maging sanhi man ng isang kapansanan, o ng naantalang pag-usbong, o mula sa mga kahirapan sa pagkatuto, ay matutukoy nang maaga hangga't maaari; na ang bata ay ganap na matatasahan upang matukoy ang uri at antas ng mga pangangailangan sa espesyal na edukasyon; na ang naaangkop na anyo ng pagtutustos at/o suporta ay naibibigay.

Ang lahat ng mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon ay pinagagana sang-ayon sa mga pangkalahatang prinsipyo ng: -

- ganap na paglahok ng mga magulang at tagapangalaga
- pagiging pare-pareho sa oportunidad
- pagkakasali
- ang mabisang paggamit ng mga gamit-yaman

Ang mga prinsipyo ay naglalatag ng balangkas para sa pagpaplano at paghahatid ng mga serbisyo para sa mga pangangailangan sa espesyal na edukasyon. Nagpapahiwatig ang mga ito ng isang bukas at mapag-lahok na lapit kung saan ang mga magulang at tagapangalaga, at ang mga mismong bata, ay ganap na kalahok sa mga pagpapasya ukol sa mga pinakamagandang paraan ng pagtustos sa mga pangangailangan ng bata para sa espesyal na edukasyon. Ipinapahiwatig din ng mga prinsipyo na, hangga't alinsunod sa mabisang paggamit ng mga gamit-yaman, may isinasagawang pagtatakda sa lokal na paaralan upang ang bata na may mga pangangailangan sa

espesyal na edukasyon ay magkaroon ng kaparehong oportunidad at paggamit ng kurikulo kumpara sa lahat ng mga bata.

♦ Ang Ingles bilang karagdagang wika

Kung ang iyong pamilya ay gumagamit ng isa pang wika bukod sa Ingles bilang iyong unang wika sa bahay, kailangan mo itong sabihin sa Punong Guro ng iyong bata sa pagpupulong sa pag-enrol. Ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ay may isang koponan sa espesyalistang suporta na makikipag-tulungan sa paaralan upang masigurado na matutustusan ang mga pangangailangan ng iyong anak patungkol sa wika.

Ang isang kasapi ng Koponan sa Suportang Dalawahang-Wika (Bilingual Support Team) ay magsasagawa ng isang paunang pagtatasa ng iyong anak upang matukoy ang antas ng kinakailangang espesyalistang suporta. Maaaring saklaw nito ang pagsuporta sa paaralan patungkol sa pagbibigay-payo at mga materyales, hanggang sa direktang pagtuturo ng wika para sa iyong bata depende sa pangangailangan. Ang Guro sa Suportang Dalawahang-Wika ay regular na makikipagpulong sa iyo upang panatilihing may kaalaman ka ukol sa pagsulong ng iyong anak at matalakay ang anumang mga iyong ikinababahala.

♦ Serbisyo para sa May-Kapansanan sa Pandama

Ang Serbisyo para sa May-Kapansanan sa Pandama (Sensory Impairment Service) ay isang serbisyo ng naglalakbay na pagtuturo na binubuo ng Serbisyo sa May-Kapansanan sa Pandinig at Serbisyo sa May-Kapansanan sa Paningin. Ang serbisyo ay nakabase sa Westhill Academy at sumusuporta sa mga bata at mga kabataan na may kapansanan sa pandama sa mga paaralang pang-nursery, paaralang pang-una (primary) at mga paaralang sekundarya sa kabuuan ng Aberdeenshire. Ang mga guro ay nagtuturo din sa mga batang nasa pre-school sa kani-kanilang mga sariling kabahayan.

Hihilingin ang pahintulot ng magulang bago simulan ng isang guro na turuan ang isang bata. Matapos ang paunang pagtatasa ng isang guro, ibibigay ang kaukulang pagsuporta, maging sa kabahayan ng isang bata sa kaso ng mga batang nasa pre-school o sa paaralan ng bata. Paiba-iba ang suporta sang-ayon sa mga pangangailangan ng bata at maaaring magmula sa pagpapayo sa mga guro sa klase hanggang sa pagdudulot ng mga naaangkop na gamit-yaman, hanggang sa direktang pagtuturo sa bata. Ang mga guro ay nakikipagtulungan sa mga tauhan ng paaralan, mga propesyonal mula sa iba pang mga ahensya at mga magulang/tagapangalaga upang mahikayat ang mga bata na may kapansanan sa pandinig o paningin na makamit ang kanilang ganap na potensyal.

5. PAG-UUGALI

♦ Mga Pagwawaksi

Ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ay nakatuon sa pagdudulot ng isang may mataas na kalidad na karanasan sa edukasyon para sa lahat ng mga bata at kabataan. Isang paaralan kung saan ang parehong mga mag-aaral at tauhan ay pinahahalagahan at binibigyang-turing na may respeto, at kung saan ang mga indibidwal na pangangailangan sa edukasyon ay natutustusan, ay siyang isang paaralan kung saan mas malamang na magaganap ang positibong pag-uugali.

Ang ilang mga mag-aaral, sanhi ng iba't-ibang mga kadahilanan, ay mas nahihirapan kaysa sa iba na makaharap ang buhay-paaralan at maaaring maghantong ito sa mga problema sa pag-uugali.

Ang Aming Patakaran Ukol sa Disiplina sa Paaralan at sa Paggamit ng Pagwawaksi ay nagpapahiwatig na

“Ang Awtoridad ay nakatuon sa prinsipyo na ang pagwawaksi ay dapat lamang magamit bilang huling pagpipiliang pagkilos.”

Ang mga paaralan ay kailangang tustusan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral na may mga problema sa pag-uugali sa pamamagitan ng iba’t-ibang mga lapit na kasangkot ang kanilang sariling mga tauhan at iba pang mga naaakmang panlabas na ahensya, bago bigyang-turing ang pagwawaksi. Maaaring magkaroon din ng pakikipag-ugnayan sa mga magulang/tagabantay/tagapangalaga patungkol sa mga larangan kung saan may ikinababahala at mga paraan ng pag-iibayo ng pag-uugali. Subalit, sa ilang mga sitwasyon, kung saan may nagaganap na malubhang pangyayari at walang naging kasaysayan ng mga problema sa pag-uugali, maaaring hindi ito naganap.

Bago magpasyang iwaksi ang isang mag-aaral, kailangang maitala ng Punong Guro ang mga nakaraang pag-uugali at mga kamakailan-lamang na kaganapan kung saan naging kasangkot ang mag-aaral. Kailangang mabigyang-turing ng Punong Guro ang mga epekto ng pag-uugali ng mag-aaral sa edukasyon at kapakanan ng ibang mga mag-aaral sa paaralan.

♦ Mga Kahalili sa Pagwawaksi

Ayon sa ipinahayag sa itaas, ang Konseho ng Aberdeenshire ay nakatuon sa prinsipyo na ang pagwawaksi ay dapat gamitin lamang bilang kahuli-hulihang mapagpipiliang pagkilos.

May mga karagdagang tauhan ang siyang inilagay sa lahat ng mga paaralang sekundarya upang mabigyang-daan ang pagsuporta sa mga mag-aaral na dumaranas ng kahirapan sa pag-uugali upang mabawasan ang pangangailangan sa pagwawaksi. Ang lahat ng mga paaralan ay hinihikayat din na magkaroon ng mga patakaran at pamamaraan upang maisulong ang positibong pag-uugali at matustusan ang mga problema sa pag-uugali sa pamamagitan ng maagang pakikialam nang katuwang ang mga magulang at kasangkot ang mga panlabas na ahensya kung naaangkop.

♦ Pang-aalipusta

Ang mga paaralan ay kinakailangang magkaroon ng isang nakasulat na pahayag ukol sa kanilang patakaran at mga pagkilos laban sa pag-aalipusta. Nakasalalay sa mga paaralan upang matukoy ang mismong nilalaman ng ganoong mga pahayag. Subalit, kailangang kabilang sa pahayag ang mga sumusunod na larangan: ang mga balangkas ng paaralan para sa positibong pangangasiwa ng pag-uugali at pagsuporta para sa mga indibidwal na bata, ang mismong tugon ng paaralan sa mga kaganapan ng pag-aalipusta nang may pagdiin sa pangangailangan na “magsumbong” ang mga bata, ang paggabay sa mga magulang ukol sa kung paano maidudulog sa paaralan ang kanilang mga ikinababahala, at isang paglalarawan ng mga isinagawang pagsasaayos upang masubaybayan ang pagkakaroon ng pag-aalipusta. Subalit, ang solong mga paaralan ay walang kakayahan upang malipol ang pag-aalipusta at, sa gayon, ang gawain na ito ay kailangang maibahagi sa mga pamilya.

6. MGA PETSA NG PASUKAN PARA SA ENERO 2005 HANGGANG ENERO 2006

Ang Pasukan ay mag-uumpisa	-	Huwebes ika-6 ng Enero 2005
Piyesta-Opisyal ng Mid-Term	-	Lunes ika-14 ng Pebrero 2005 (1 araw)
Mga Piyesta Opisyal ng Pasko ng Pagkabuhay (Easter)	-	Biyernes ika-25 ng Marso hanggang Biyernes ika-8 ng Abril 2005
Piyesta-opisyal sa Mayo	-	Lunes ika-2 ng Mayo 2005
Matatapos ang pasukan	-	Biyernes ika-1 ng Hulyo 2005

Ang Pasukan ay mag-uumpisa	-	Huwebes ika-6 ng Enero 2005
Mga Piyesta-Opisyal sa Oktubre	-	Lunes ika-10 ng Oktubre 2005 hanggang Biyernes ika-21 ng Oktubre 2005
Mga Piyesta-Opisyal sa Pasko	-	Huwebes ika-22 ng Disyembre 2005 hanggang Miyerkules ika-4 ng Enero 2006
Ang Pasukan ay mag-uumpisa	-	Huwebes ika-5 ng Enero 2006

Ang mga petsa sa itaas ay sumasaklaw sa lahat ng mga paaralan sa Konseho ng Aberdeenshire. Mangyaring makipag-ugnayan sa bawat isa sa mga paaralan para sa detalye ng mga araw nang may-serbisyo at sa iba pang mga piyesta-opisyal na gaganapin sa 2005.

7. EDUKASYON PARA SA PRE-SCHOOL

Sa panahon ng sesyon na 2005-6, ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ay naghahandog ng edukasyon para sa pre-school para sa lahat ng mga may 4 na taong gulang. Ang lahat ng mga may 3 taong gulang ay maaari na ding pumasok sa pasukan matapos ang kanilang ikatlong kaarawan. Ang edukasyon para sa pre-school ay hindi kinakailangan; ang ilang mga magulang ay nagpapasyang papasukin ang kanilang anak nang mas kaunti sa limang pagpasok na tig-2 at kalahating oras sa bawat linggo. Ito ay ganap na natatanggap hangga't paunang napag-kasunduan ang ukol sa bawat pagpasok na dadaluhan ng bata na may kasangkot na pangkat sa paglalaro/pang-araw na nursery.

May mga magagamit na lugar para sa pre-school na may iba't-ibang mga gamit-yaman: lokal na awtoridad, pang-pribado at boluntaryo, bagaman ang pagtanggap sa mga nursery ng lokal na awtoridad ay karaniwang nagaganap sa mga nakatakdang panahon sa taon. Ang edukasyon para sa pre-school sa mga tanging pangkat sa paglalaro at pang-araw na nursery sa larangan ng pang-pribado at boluntaryo ay nababantayan ng Serbisyo ng Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire patungkol sa kalidad nito. Ang pagkatanggap sa mga pangkat na ito ay maaaring maganap anumang panahon sa loob ng taon hangga't may bakante.

Maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon ukol sa pangangalaga ng bata at mga pagpipilian sa edukasyon sa pre-school mula sa Serbisyo sa Impormasyon sa Pangangalaga ng Bata ng Aberdeenshire (Aberdeenshire Childcare Information Service) sa 0800 298 3330.

8. MGA PAGKAIN SA PAARALAN

♦ Pagdudulot at gastos ng pagkain sa paaralan

Ang lahat ng mga paaralan ay nagdudulot ng mga pagkain, na may dalawang-bahagi na hain ang maaaring makuha sa mga paaralang pang-una (primary) at espesyal sa halagang £1.45 at sa mga Akademiya naman, may isang hanay ng mga pagkain ang inihahandog kapalit ang mga diniskwentong presyo.

♦ "Gutom sa Tagumpay"

Ang lahat ng mga paaralan ay nagsusumikap na makamit ang mga layunin para sa malusog na pagkain na itinakda sa kilusang "Hungry for Success " ("Gutom sa Tagumpay") ng Scottish Executive.

♦ Mga libreng pagkain sa paaralan

May mga magagamit na libreng pagkain sa paaralan ang mga bata na may mga magulang na nakakatanggap ng:

A. Pagsuporta sa Kita (Income Support)

B. Pantustos sa Naghahanap ng Trabaho (Job Seeker's Allowance) na batay sa Kita
C. Kredito sa Buwis sa Bata (Child Tax Credit) ngunit hindi ang Kredito sa Buwis na Nagtatrabaho (Working Tax Credit) at mayroong napagtasahang kita na hindi lalampas sa £13 480
D. Kredito sa Buwis sa Bata (Child Tax Credit) gaya ng sa itaas habang naiuri bilang mag-aaral
E. Kredito sa Buwis sa Bata (Child Tax Credit) gaya ng sa itaas habang naiuri bilang tagapangalaga

Ang mga dokumento sa application at mga karagdagang detalye ukol sa mga libreng pagkain sa paaralan ay makukuha mula sa bawat paaralan.

9. KALUSUGAN

♦ Mga pagliban

Itinatakda ng Education (Scotland) Act 1980 na siguraduhin ng mga magulang na ang kani-kanilang mga anak ay regular na pumapasok sa paaralan. Kung kaya't ang mga magulang ay may tungkulin upang siguraduhin na ang kanilang mga anak ay makakatanggap ng naaangkop na edukasyon mula ng kanilang pagtungtugong sa edad na limang taong gulang. Kung ang isang bata ay kailangang lumiban sa paaralan sa anumang kadahilanan, kailangang may ipadala sa paaralan na liham ng pagpapaliwanag mula sa mga magulang sa lalong madaling panahon. Kung hindi maibigay ang isang kasiya-siyang pagpapaliwanag ng pagliban, ang panahon na iyon ay mamarkahan bilang isang di-awtorisadong pagliban.

♦ Paggamot ng bata

Ito ay karaniwang iniuuri sa isa sa tatlong mga kategorya.

i. Ang mga bata na may madaliang karamdaman na, habang nasa maayos na kalagayan upang makapasok sa paaralan, ay nangangailangan pa din ng paggamot. Kung maaari man, kailangang isaayos ng mga magulang ang pagtitiyempo ng paggamot upang ito ay gagawin lamang sa bahay, ibig sabihin bago pumasok sa paaralan at pagkauwi mula sa paaralan at maaari sa oras ng tanghalian kung umuuwi ang bata para mananghalian.

ii. Ang mga bata na may mga pang-matagalang kundisyon (hal. hika, diyabetes, cystic fibrosis, na nangangailangan ng regular na paggamot upang makontrol ang kanilang kundisyon o at/o paminsan-minsan na paggamot habang inaatake o nabibinat).

Isasagawa ang dapat pagsusumikap upang matulungan ang ganoong mga bata na ganap na malasap ang lahat ng mga aspeto ng buhay-paaralan. Sa ilang mga kaso ay maaaring isagawa ang tiyak na pagpapasanay ng mga tauhan ukol sa paggamot ng isang bata. Ito ay kailangang matalakay kasama ang mga magulang at ang duktor ng paaralan.

Depende sa disposisyon ng bata, karaniwan ay naaangkop para sa mga mas matatandang bata na dalhin ang kanilang sariling gamot at maging responsible sa paggamit nito. Subalit, mahalaga na ipagbigay-alam ng mga magulang sa paaralan ang tungkol dito. Sa maraming mga pagkakataon, at mismo kapag ang bata ay nangangailangan ng nilalanghap na gamot para sa hika, hinihiling ang mga mag-aaral na magdulot ng isang reserbang pang-langhap (inhaler)/suplay ng gamot na siyang itatago sa isang ligtas na lugar sa paaralan. Kung kaya't ang kalusugan ng bata ay hindi mapipinsala nang hindi kinakailangan kung sakaling "makalimutan" niya ang kanyang gamot o di kaya'y maubusan siya nito. Ang ganoong mga reserbang gamot ay kailangang mapalitan nang hindi bababa sa isang beses sa isang taon.

Sa lahat ng mga kaso kung saan kailangang mabigyan ang isang bata ng gamot sa loob ng paaralan, kailangang magbigay ang mga magulang ng tiyak na mga nakasulat o ibinigkas na tagubilin ukol sa dami at dalas ng dosis, at isang nilagdaang pagbibigay-kapangyarihan upang maidulot ang ganoong gamot.

iii Kung ang isang bata ay magreklamo na masakit ang kanyang ulo o may iba siyang nararamdamang sakit at humiling siya ng mga pamatay-kirot (painkillers), hindi ito ibibigay sa mga bata na nasa mga paaralang pang-una (primary). Para sa mga mag-aaral sa sekundarya, maaaring maibigay ang isang tableta na 500mg paracetamol. Ang bata ay bibigyan ng paunawa upang mabigyang-kaalaman ang kanyang mga magulang at may isasagawang pagtala ng pangalan ng bata at ng reklamo at petsa at ibinigay na gamot. Kung may makukuhang nars sa paaralan sa ganoong panahon, ibibigay ng nars ang anumang kinakailangang pamatay-kirot (painkiller).

Paunawa: Ang aspirin at mga produktong nakabase sa aspirin at bukod-tanging hindi isinasama sa mga kahon ng paunang-lunas sa paaralan.

iv Ang mga mag-aaral na may nararamdamang mga sintomas sa sikmura o bituka ay dapat na hikayating huwag pumasok sa paaralan hangga't lumipas na ang apatnapu't walong oras mula sa pagkawala ng lahat ng mga sintomas.

Bilang karagdagan, ang Awtoridad ay may kapangyarihan na iutos na ang lahat ng mga mag-aaral o sinumang indibidwal na mag-aaral, na pumapasok sa isa sa kanilang mga paaralan, ay masuri ng isang opisyal sa medisina ng Lupon ng Kalusugan ng Grampian (Grampian Health Board). Kailangan ding siguraduhin ng Kalihim ng Estado (Secretary of State) na mayroong mga malawakang pasilidad ayon sa kinakailagnan upang masigurado na mayroong magagamit na libreng paggamot na pang-medikal at pang-dentista para sa lahat ng mga bata sa paaralan.

Itinatakda ng Education (Scotland) Act 1980 na siguraduhin ng mga magulang na ang kani-kanilang mga anak ay regular na pumapasok sa paaralan. Kung kaya't ang mga magulang ay may tungkulin upang siguraduhin na ang kanilang mga anak ay makakatanggap ng naaangkop na edukasyon mula ng kanilang pagtungtugong sa edad na limang taong gulang. Kung ang isang bata ay kailangang lumiban sa paaralan sa anumang kadahilanan, kailangang may ipadala sa paaralan na liham ng pagpapaliwanag mula sa mga magulang sa lalong madaling panahon. Kung hindi maibigay ang isang kasiya-siyang pagpapaliwanag ng pagliban, ang panahon na iyon ay mamarkahan bilang isang di-awtorisadong pagliban.

10. PAGSUSURI NG PAGBUBUNYAG SA SCOTLAND

May ipinatupad na kamakailan-lamang na batas upang mapagtibay ang mga panangga na naglalayong protektahan ang mga bata. Simula Abril 2002, ang Pagbubunyag sa Scotland (Disclosure Scotland) ang siyang pumalit sa Scottish Criminal Records Office bilang siyang ahensya na may-sagutin sa pagdudulot sa atin ng naaangkop na impormasyon.

May mga ipinatupad na pamamalakad upang masigurado na ang lahat ng mga naaangkop na tauhan at boluntaryo na gumaganap ng isang papel sa pangangalaga ng bata ay sasailalim sa isang pagsusuri ng pagbubunyag na may pinag-ibayong antas (enhanced level Disclosure check). Bilang karagdagan, mayroon ding mga pamamalakad ang itinaguyod upang masigurado na ang ganoong pagsusuri ay isasagawa nang mabisa at mabilis.

11. TAYA NG PANAHON

Ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ay may isang malinaw na inihandang pamamaraan sa pagbibigay-babala laban sa bagyo. Ang mga Punong Guro, lalo na sa mga lugar ng probinsya, ay may ganap na kapangyarihan upang magpasya na maisara ang kanilang paaralan kung sakaling may mga inaasahang kundisyon ng bagyo na maglalagay sa mga mag-aaral sa

panganib. Hangga't maaari, sinisikap ng mga Punong Guro na makipag-ugnayan sa mga magulang upang bigyan sila ng kaalaman ukol sa ganoong pagpapasya. Subalit, hindi ito magagarantiyahan; kung kaya't lubhang mahalaga na patuloy na mabigyang-kaalaman ang Punong Guro ukol sa mga numero ng kontak upang masaklawan ang lahat ng mga panahon ng kagipitan. Isinasagawa ang bawat pag-iingat upang masigurado na hindi ipapadala ang mga mag-aaral sa mga mapanganib na kalagayan.

Ang mga masasamang taya ng panahon ay maaaring maging sanhi upang panatilihin ang mga bata sa loob ng mga paaraan, o sa mga karatig-lugar, at karaniwan ang lahat ng mga Punong Guro ay humihiling sa mga magulang na magtalaga ng mga kamag-anak o kaibigan bilang isang kontak sa panahon ng kagipitan na siyang maaaring sumubaybay sa kani-kanilang mga anak sa panahon ng kagipitan. Ang bawat paaralan ay may pamamaraan na pang-kaligtasan at ang mga ganap na detalye ay makukuha mula sa Punong Guro.

- Website ng Aberdeenshire – ang site na ito ay matatgpuan kapag ginamit ang sumusunod na web site address; www.aberdeenshire.gov.uk/adverse. Ang impormasyon na nasa website ay pinasasariwa tuwing sasapit ang alas-4 ng hapon upang masimulan ang pagtanggap ng impormasyon para sa susunod na araw.
- Mga Pangunahing Himpilan ng Radyo – ang mga himpilan ng radyo na ito ay nakatatanggap ng pinasariwang balitang pang-impormasyon sa bawat 15 minuto nang direkta mula sa aming website.
- Teleponong pang-impormasyon ng mga Paaralan sa Aberdeenshire – upang mapaandar ito, kailangang tumawag ang mga magulang sa 0870 054 4999 at pagkatapos ay ipasok ang iyong numero ng PIN para sa paaralan upang makakuha ng mensahe para sa mismong paaralan na iyon. Kung hindi ka makapasok sa numero sa kauna-unahang pagkakataon, hinihiling naming na huwag ninyong ilagay ang numerong ito sa automatic redial. Ayon sa dating karanasan, sanhi ito upang maging mas abala ang linya.

12. MGA USAPING PANG-PINANSYA

♦ Mga gawad sa pananamit

Ang isang Gawad ay maaaring makuha ng mga magulang/tagabantay na sumusunod sa mga batayan na ipinapatupad ng Konseho ng Aberdeensire. Maaaring mag-aplay para sa isang gawad ang mga magulang/tagabantay na tumatanggap ng mga benepisyo, kredito sa buwis, minimum na sahod o mga kabayaran sa pensyon.

Ang mga magulang/tagabantay ay kailangang naninirahan sa loob ng Aberdeenshire at ang kani-kanilang anak/mga anak ay kailangang pumapasok sa isang Paaralan sa Aberdeenshire, hanggang sa edad na 17 taong gulang. Tanging iisang paggawad sa pananamit ang ibibigay sa bawat anak (kung naaangkop) sa bawat taon ng pinansya (ika-1 ng Abril hanggang ika-31 ng Marso). Ang mga bata na pumapasok sa isang nursery ay hindi makakakuha ng isang gawad sa pananamit.

Ang gawad ay ibinibigay upang matulungan ang mga magulang/tagabantay na makabili ng mga pananamit para sa paaralan upang masigurado na papasok ang bata/mga bata sa mga paaralan. Ang mga dokumento para sa application ay makukuha lamang mula sa mga Akademya, Paaralang Pang-una (Primary), at mga Tanggapan ng Edukasyon.

Ang pamamalakad na nabanggit sa itaas ay kasalukuyang nirerepaso at maaari itong magbago sa Abril 2005.

♦ Pasiguruhan (Insurance)

Walang taglay ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire na pasiguruhan o insurance na awtomatikong nagbibigay-danyos sa mga mag-aaral sa paaralan para sa aksidente sa sarili, kung mangyari man ang aksidente sa loob o labas ng hangganan ng paaralan. Ang pasiguruhan o insurance na may ganitong uri, hal. pansariling aksidente, buhay, pribadong pang-medikal, ay itinuturing na responsibilidad ng magulang. Responsibilidad mo bilang magulang na bigyang-pasiguruhan ang iyong anak para sa pansariling aksidente o pagkamatay kung sa tingin mo ay naaangkop ito.

Ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire ay mayroong taglay na pasiguruhan para sa sagutin ng ikatlong partido (third-party liability insurance), na sumasalo sa Konseho laban sa mga habol mula sa mga ikatlong partido, hal. mga magulang sa ngalan ng mga mag-aaral na nagtamo ng pagkasugat, karamdaman, pagkawala o pinsala sanhi ng kapabayaan ng Konseho o ng mga empleyado nito. Subalit, kung sakaling walang kapabayaan, walang tatanggaping habol ang Konseho.

Ang Awtoridad sa Edukasyon ay may tungkulin sa pangangalaga ukol sa mga mag-aaral na sakop nito sa mga panahon nang may klase at sanhi nito ay kailangan nitong magsagawa ng mga makakatuwirang hakbang upang masigurado ang kaligtasan ng lahat ng mga mag-aaral sa pang-una (primary) at sekundarya. Subalit, itinuturing ang mga mag-aaral sa sekundarya na mas may pag-unawa, at sa gayon, ay magiging sapat na ang isang mas mababang antas ng pagsubaybay.

Maaaring kailangang magdulot ng pagsubaybay sa mga bata sa pang-una (primary) na nasa loob ng paaralan bago magsimula ang oras ng klase o matapos ang oras ng klase kung ang kanilang maagang pagdating o huling pag-alis ay sanhi ng pagtitiyempo ng opisyal na sasakyan ng paaralan. Ang pangkalahatang tungkulin na ito sa pangangalaga ay magpapatuloy kung ang mga bata ay uuwi sa pamamagitan ng sasakyan ng paaralan at magwawakas sa sandaling bumaba ang bata sa bus, at sa puntong iyon ay ang magulang na ang may sagutin.

♦ Mga paaralang may panunuluyan (Boarding Schools)

Ang pag-aaral habang nanunuluyan sa paaralan ay hindi inihahandog sa lugar ng Konseho ng Aberdeenshire at walang isinasagawang pagbabayad ang Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire para sa paglalaan ng panunuluyan sa labas ng lugar nito, maliban sa mga lubhang espesyal na sitwasyon – tulad ng pagsuporta sa mga bata na nasa mga espesyalistang paaralan para sa sining, drama, musika, atbp. Sa pangkalahatan, ang ganap na gastos sa pagpapadala ng mga mag-aaral sa mga espesyal na paaralang may panunuluyan sa labas ng lugar ng Atworidad ay natutustusan ng Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire.

♦ EMA

Ang EMA ay isang pantustos na ibinatay sa kakayahan – sa kasalukuyan ang mga mag-aaral na nakatira sa isang kabahayan na may pinagsamang kita na mas mababa kaysa sa £30,000 bawat taon ay maaaring makakuha ng gawad (ang batayan sa kita na ito ay maaaring tumaas para sa taon ng eskwela sa 2005/06).

Ang karagdagang impormasyon at mga dokumento sa application ay makukuha mula sa mga Akademya. Ang mga mag-aaral na nagbabalak na umalis sa paaralan at pumasok sa kolehiyo ay kailangang makipag-ugnayan sa kanilang kolehiyo para sa karagdagang mga detalye.

TANDAANG MAIGI: Ang EMA ay isang bagong pantustos na ipinapatupad sa loob ng panahon na tatlong taon. Sa taon ng eskwela ng 2004/05 tanging ang mga mag-aaral na magiging 16 na taong gulang sa pagitan ng ika-1 ng Marso 2004 at ika-28 ng Pebrero 2005 ang may-karapatang makasali sa programa. Ang batayan sa edad para sa taon ng eskwela ng 2005/06 ay hindi pa malinaw sa panahon ng paglilimbag, ngunit ipinapalagay na ang mga may 16 at 17 taong gulang ang maaaring makapag-aplay para sa EMA sa 2005/06.

13. ALAK AT DROGA

Ang Awtoridad ay magdudulot ng pangkahatang mga hakbang sa pagkatuto at pag-suporta sa bawat paaralan. Ito ay makakamit sa pamamagitan ng pagbuo ng mga istratehiya para sa kamalayan, kabilang ang sa hanay ng mga magulang, at sa pamamagitan ng paninigurado na ang mga tauhan ay may angkop na pasanayan upang makaharap ang impormasyon na nakalap sa mga ganitong kaganapan. Mayroong Patakaran ang Aberdeenshire na naglalaan ng paggabay para sa mga paaralan na kumakaharap sa mga kaganapan na may kaugnayan sa droga.

14. MGA LUPON NG PAARALAN.

Karamihan sa mga paaralan sa Aberdeenshire ay may karapatang makapagtaguyod ng isang Lupon ng Paaralan (School Board). Ang bilang ng mga kasapi sa isang Lupon ay iba-iba batay sa dami ng mga nag-aaral sa paaralan ngunit ang bawat isa ay magkakaroon ng mga kinatawan na mula sa mga magulang at tauhan, kabilang ang mga kasapi na katuwang na nagpasya (co-opted). Mabibigyan ka ng kaalaman ng Punong Guro ukol sa pagkakaroon o di-pagkakaroon ng paaralan ng isang Lupon sa mismong panahon na iyon. Bibigyan ka din ng Punong Guro ng payo ukol sa mga pangalan ng mga kasalukuyang kasapi ng Lupon at maging ang paraan ng paghalal sa Lupon, maging ang pagtitiyempo ng anumang darating na halalan. Ang mga magulang na nag-enrol ng kani-kanilang mga anak sa isang paaralan ay dapat na manigurado na nakarehistro sila sa mga botante para sa Lupon ng Paaralan na kaugnay sa paaralan na iyon. Ang lahat ng mga magulang ay may karapatan upang mahalal sa Lupon, alinsunod sa kanilang pagtanggap ng naaangkop na pag-nomina.

15. PAGLILITRATO AT PAG-VIDEO NG MGA MAG-AARAL

Naiintindihan ng Edukasyon & Paglilibang ng Aberdeenshire na gusto ng mga magulang na magkaroon ng mga alaala ng buhay ng kanilang anak sa paaralan at maaaring nais nilang magkaroon ng mga litrato at pag-rekord sa video ng mga hanay ng kaganapan tulad ng mga pagtatanghal sa paaralan, mga konsiyerto at mga araw ng palarong pang-palakasan.

Bilang tugon dito, may inilunsad na patakaran na nagbibigay-pahintulot sa pagkuha ng litrato at pag-rekord ng video ng mga mag-aaral at mga nursery at paaralan na pinapatakbo ng Konseho ng Aberdeenshire habang nireresepeto ang mga karapatan ng mga indibidwal.

Mga Establisimentong Pang-Edukasyon ng Aberdeenshire

Ang mga establisimento ay nakalista ayon sa unang titik at ang bawat nakalista ay may kasamang mga sumusunod na impormasyon:

1. Uri ng establisimento

N	Paaralang pang-nursery	N/P	Paaralang nursery/pang-una
6YRS	Paaralang sekundarya hanggang ika-6 taon	SP	Paaralang espesyal
P	Paaralang pang-una	CC	Sentro ng Komunidad

2. Ang buong pangalan at pahatirang-sulat ng establisimento.
3. Mga kodigong pang-opisina

I	Inverurie	Ba	Banff	S	Stonehaven
T	Turriff	P	Peterhead		

4. Mga area code

B	Buchan	G	Garioch
BB	Banff & Buchan	M	Marr
F	Formartine	KM	Kincardine & Mearns

5. Ang Hanay ng mga Paaralan ng Komunidad o Community Schools Network (CSN) kung saan kabilang ang establisimento.

6. Ang mga paaralang pang-sekundarya ay nakalista nang may makakapal na titik kasama ang mga kaukulang mga kaugnay na paaralang pang-una na nakalagay sa loob ng mga panaklong. Ang isang nakalista para sa isang paaralang pang-una ay nagpapahiwatig, gamit ang mga panaklong, ng (mga) kaugnay nitong paaralang sekundarya kung saan ito natutustusan.

7. Ang pangalan ng Pinuno ng Establisimento.

8. Ang pahatirang-sulat, telepono at numero ng fax (kung saan naaangkop) ng bawat establisimento ay ibinibigay.
Kung kaya't:

P	18 Auchterless School Auchterless Turriff Aberdeenshire AB53 8BA (205)	T	F	Turriff	Gail Burnett	01888 511221	01888 511580

Ang Auchterless School ay isang paaralang pang-una na kaugnay sa Turriff Academy (205). Ang Kodigo ng Tanggapan, Area code, Community Schools Network (CSN), Pinuno ng Establisimento, numero ng telepono at numero ng fax ay ipinapakita.

TANDAANG MAIGI: Patungkol sa Braeside School (35), sapagkat ang hanay ng edad ay mula P1 hanggang P4, ang mga mag-aaral ay lumilipat sa iba pang mga paaralang pang-una (primary schools), at ang mga ito ay ang Auchnagatt (kung saan ay lumilipat sila pagkatapos sa Mintlaw Academy) at Methlick (kung saan ay lumilipat sila pagkatapos sa Meldrum Academy).

Ang Methlick Primary ay naka-purok para sa parehong Ellon Academy at Meldrum Academy. Sa ilalim ng baha-bahagyang pagbukas ng Meldrum Academy, ang Ellon ay siya pa ding naka-purok na paaralan para sa S5 & SD6 para sa 2004-05, at gagawin itong S6 sa susunod na taon lamang. Simula Ago 2006 ang mga bagong purok ay ganap nang pinaaandar.

MGA NURSERY, PANG-PASLIT, PANG-UNA, ESPESYAL, SEKUNDARYA AT SENTRO NG KOMUNIDAD

(wasto sa pagsapit ng 15/12/04)

URI	NGALAN NG ESTAB. & PAHATIRANG-SULAT	KODIGO NG OPISINA	AREA CODE	CSN CODE	PINUNO NG ESTABLISIMENTO	STD & TEL NO	STD & FAX NO
N/P	1. Aberchirder School Smith Crescent Aberchirder, Huntly Aberdeenshire AB54 7TW (27)	Ba	BB	Banff	Mary White	01466 780241	01466 780347
EMAIL aberchirder.sch@aberdeenshire.gov.uk				**WEBSITE**:			
6YRS	2. Aboyne Academy Bridgeview Road Aboyne, Aberdeenshire AB34 5JN (4, 19, 34, 53, 77, 110, 121, 125, 198, 201)	S	M	Aboyne	Mario Di Maio (Acting)	013398 87722	013398 85020
EMAIL aboyne.aca@aberdeenshire.gov.uk				**WEBSITE**:	www.aboyneacademy.aberdeenshire.sch.uk		
CC	3. Aboyne Academy and Deeside Community Centre, Bridgeview Road Aboyne, Aberdeenshire AB34 5JN		M	Aboyne	Evelyn Baikie Senior Community Learning Worker	013398 86222	013398 86922
EMAIL aboyne.cec@aberdeenshire.gov.uk				**WEBSITE**:			
N/P	4. Aboyne Primary SchoolAboyne, Aberdeenshire AB34 5JN (2)	S	M	Aboyne	Margaret McKenna	013398 86638	013398 87408
EMAIL aboyne.sch@aberdeenshire.gov.uk				**WEBSITE**:	http://atschool.eduweb.co.uk/aboyne.pr		
N/P	5. Alehousewells School Bremner Way Kemnay, Inverurie Aberdeenshire AB51 5FW (106)	I	G	Kemnay	Moira Lawson	01467 642247	01467 642040
EMAIL alehousewells.sch@aberdeenshire.gov.uk				**WEBSITE**:			
CC	6. Alehousewells Community Centre c/o Kemnay Academy Bremner Way Kemnay Aberdeenshire AB51 5FW		G	Kemnay	Naida Sneddon Senior Community Learning Worker	01467 641444	01467 642306
EMAIL kemnay.cec@aberdeenshire.gov.uk				**WEBSITE**:			
6YRS	7. Alford Academy Murray Terrace Alford, Aberdeenshire AB33 8PY (9, 49, 51, 65, 69, 103, 126, 143, 149, 195, 202, 203, 204)	S	M	Alford	Tim McKay	019755 62251	019755 62628 (HT's Fax - 019755 63269)
EMAIL alford.aca@aberdeenshire.gov.uk				**WEBSITE**:	www.alfordacademy.aberdeenshire.sch.uk		